

Samakatuwid tila malinaw na ang plano ng Diyos mula pa sa simula ay upang ipadala ang Kanyang Anak bilang isang Tagapagligtas at isang Hari. Ang kapanganakan at buhay ni Jesus sa sanlibutan ay upang maunawaan Siya ng mga tao, at upang pahalagahan natin ang kanyang gagawin kapag siya ay muling dumating.

#### ANO NA ANG GINAGAWA NI JESUS NGAYON?

Si Jesus ay nasa langit, sa kanang kamay ng Diyos, naghahanda ng kanyang kaharian. Iyon ang dahilan kung bakit sinabi niya sa atin na manalangin "Dumating ang iyong kaharian". Malapit na ito! Si Jesus ay babalik mula sa langit at itatag ang Kaharian ng Diyos sa sanlibutan. Siya ang magbabangon ng mga patay, lilinis ang sanlibutan, at maghahari sa trono ni David, mula sa Jerusalem.

#### ANG MGA TANDA

Ang Diyos ay hindi nagbigay ng petsa kung kailan mangyayari ang lahat ng ito, ngunit nagbigay Siya ng ilang mga palatandaan upang maipakita sa atin kung kailan natin siya aasahan. Ang nasa ibaba ang ilan lamang sa mga "prophesiya" ng Bibliya kung saan nabanggit ang pagbabalik ni Jesus.

1. **Ang mga Hudyo ay babalik sa kanilang bayan.** (Jeremias 25:5-8)  
*-Nangyayari ito sa ating mga buhay!*
2. **Ang mga problema sa buong mundo ay magiging malinaw sa lahat.** (Lucas 21:25-27)  
*- Mas totoo ito ngayon kaysa dati.*
3. **Maraming bansa sa sanlibutan ang magbabanta at aatake sa Israel.** (Zacharias 14:1-11)  
*- Dapat nating bantayan ang mga ito na maganap sa madaling panahon.*

Lalo nang nagiging malinaw na ang lugar ay itinakda para sa pagbabalik ni Jesus sa mundong ito. Hindi natin alam kung kailan ang tiyak na pagbabalik niya, ngunit tiyak na nakikita natin kung ano ang nangyayari sa mundo sa paligid natin. Ang mga propesiya ay natutupad. Pinayagan ang mga Hudyo na umalis sa Russia (tingnan sa Jeremias 23: 8). Ito ay isang karagdagan sa mahabang listahan ng mga propesiya na kamailan lang ay natupad.

Kaya, ano ang gagawin mo tungkol dito? Maghihintay ka ba hanggang sa dumating siya bago ka gumawa ng kahit ano? Baka mahuli na ang lahat.

Sinusubukan ng mga Christadelphian na sundin ang tawag ng Ebanghelyo, at maging handa para sa ating Haring Tagapagligtas. (Sa wika ng Bagong Tipan, ang Griyego, ang "Jesus" ay nangangahulugang 'Tagapagligtas' at ang "Cristo" ay nangangahulugang 'Hari'.)

Nais mo bang ihanda ang iyong sarili para sa kanyang pagbabalik? Maaari ba kaming magpadala sa iyo ng isa pang babasahin tungkol sa totoong mga katotohanan sa Bibliya?

SI JESUCRISTO AY MAGBABALIK!

## Bible Education Center SALIGAN NG KATOTOHANAN SA BIBLIYA

# Si Jesucristo ay Magbabalik!

1. Paano natin malalaman na babalik si Jesus?
2. Ano ang mga "mga tanda ng oras" [ng pagbabalik ni Jesus]?
3. Ano ang ibig sabihin ni Cristo nang sabihan niya tayo na manalangin na "Dumating ang Iyong Kaharian" (Kaharian ng Diyos)?
4. Ano ang plano ng Diyos para sa sanlibutan?

**Ang mga ito ay ilan lamang sa tanong na dapat nating pag-isipan sa maikling babasahing ito. Basahin ito kasama ang Bibliya.**

Hindi ba't ito'y magiging kahanga-hanga? Si Jesucristo na bumalik sa lupa. Pagagalingin niya tayo, tutulungan tayo, akayin tayo-lahat ng mga bagay na hindi magagawa ng ating mga taong pinuno.

Karamihan sa mga simbahang Kristiyano ay dapat magturo nito, ngunit kaming mga Christadelphian, ay tunay na naniniwala dito. Sa katunayan, kung babasahin mo mismo ang Bibliya, magkaroon ka ng parehong konklusyon.

SI JESUCRISTO AY MAGBABALIK.

Nakasisiguro tayo na sinasabi ng Bibliya na siya ay babalik sa masamang mundong ito, at babaguhin ito sa isang bagay na mas mabuti.

Inihanda ng Lumang Tipan ang mga tao para sa unang pagdating ni Cristo—sinabi sa kanila kung saan siya isisilang, kung ano ang gagawin niya, at kung paano siya mamamatay. Tulad din naman, sinasabi sa atin ng Bagong Tipan ang maraming mga detalye tungkol sa kanyang ikalawang pagparito—kung ano ang magiging katulad ng mundo, at ang kanyang gagawin pagdating niya, at ang kapangyarihang mapapasakanya kapag itinatag niya ang kanyang Kaharian.

Sa katunayan, ang Bibliya ay hindi dalawang magkakahiwalay na libro, ang Lumang Tipan at ang Bagong Tipan. Ito ay isang buong libro. Mayroon itong isang tuluy-tuloy na mensahe:

**“Si Jesucristo ay magbabalik.”**

#### ANG MGA PANGAKO

Pabalik sa Genesis kabanata 12 hanggang 25, sinabi sa atin na pinili ng Diyos ang isang tao sa lahat ng iba pa, at nangako na ang buong mundo ay pagpapalain sa pamamagitan niya. Ang pangalan ng lalaki ay Abraham at ang pangakong ito ay naulit sa kanyang anak na si Isaac, at apo na si Jacob—na pinangalanan ding Israel. Sa madaling panahon ang pamilyang ito ng labindalawang tribo ay lumago sa malaking bansa, at inulit ng Diyos ang parehong mga pangako sa ibang mga kasapi ng parehong pamilya nang maraming beses.

Si Maria, ang ina ni Jesus, ay nagmula sa pamilyang ito at sa panahong ipinanganak si Jesus sa bansang Israel napakaraming mga tao ang naghahanap ng isang Tagapagligtas at isang Hari. Alam

nilang lahat ang mga pangako at inaasahan ang isang taong dakila at malakas para itaboy ang mga Romanong sumakop sa kanila, at maging kanilang hari. Narito ang ilan sa mga Pangako na ginawa ng Diyos sa Israel:

- **Sila ay magmammana ng lupain ng Israel magpakailanman** (Genesis 13:15)
- **Ang bahay at kaharian ni Haring David ay itatatag magpakailanman** (2 Samuel 7:16)
- **“Sa mga araw na yaon ay maliligtas ang Juda, at ang Jerusalem ay tatahang tiwasay”** (Jeremias 33:16).

Nang si Jesus ay 30 taong gulang, siya ay inihayag sa mga tao ng Israel bilang Anak ng Diyos. Marami talaga ang naniniwala na kailangan niyang maging kanilang Tagapagligtas at Hari, ngunit hindi siya tinanggap ng karamihan sa mga pinuno. Hindi nila alam, at hindi nila tatanggapin, kung ano ang ipinangako ng Diyos kay Maria, o kung ano ang sinabi ng mga anghel sa mga pastol. Karamihan sa mga pinuno ay hindi naniniwala sa kanyang mga himala ng pagpapagaling, o sa kanyang makapangyarihang mga salita. Sa loob ng tatlo at kalahating taon ay kinumbinsi nila ang mga Romanong pinuno na patayin siya. Pati ang mga alagad ay pinabayaang siya at tumakas.

#### ANG MULING PAGKABUHAY

Ngunit si Hesus ay hindi nanatiling patay! Inilabas siya ng Diyos mula sa libingan at binigyan siya ng isang ganap na bagong buhay. Hindi na muli siya mamamatay—ngayon si Kristo ay walang kamatayan. Sinabi niya sa kanyang sarili: **“Lahat ng kapangyarihan ay ibinigay sa akin sa langit at sa lupa.”** Ito ngayon ay parang katunog ng isang Tagapagligtas at Hari!

**Ito ay simula lamang!**

Si Jesus ay hindi nakita ng sinumang hindi naniniwala sa kanya. Nawala ang kanilang pagkakataong tanungin at atakehin siya. Ang mga alagad at tagasunod lamang ang nakakita sa kanya at nakausap siya. At 40 na araw pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay ay umakyat siya sa langit, na nag-iwan ng isang pangako—isa sa pinakadakilang mga pangako na nagawa.

**“Itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit.”**

(Mga Gawa 1:11)

Hindi pa ito nangyari. Ngunit tiyak na makikita mo mula sa buod ng plano ng Diyos na tiningnan natin, na tutuparin ni Jesucristo ang mga pangako at babalik sa lupa.

#### ANG PAGBABALIK

Ngayon titingnan natin ang ilan pang mga talata sa Kasulatan upang magbigay ng isang mas malinaw na larawan:

1. **Sinabi ng Diyos na ang lahat ng mga bansa sa mundo ay pagpapalain sa pamilya ni Abraham.** (Genesis 12:3)
2. **Ang Hari ng mundo ay magmumula kay Haring David.** (Lucas 1:32)
3. **Ang Haring ito ay mamamatay ngunit hindi mananatiling patay.** (Mga Awit 16:8-11)
4. **Sa pagbabalik ng Anak ng Diyos ang disyerto ay mamumulaklak at ang karamdaman ng tao ay gagaling.** (Isaias 35)
5. **Ang mundong ito ay pamamahalaan ng Anak ng Diyos, mula sa Jerusalem.** (Isaias 2:2-5)